Republika ng Pilipinas
BAYAN NG BULALACAO
Lalawigan ng Silangang Mindoro
-oOo-

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-27 NG MARSO, 1991 DITO SA BAHAY PAMAHALAAN

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ludovico C. Silang | - Pangalawang Punong Bayan/taga pamahala (ng pulong |
| Kgg. Rey T. Amparo | - Kagawad |
| Kgg. Miguel R. Villar Jr. | - Kagawad |
| Kgg. Leodigario Gonzales | - Kagawad |
| Kgg. Emilio T. Gregorio | - Kagawad |
| Kgg. Nenito S. Ambong | - Kagawad |
| Kgg. Meynardo S. Bago | - Kagawad |
| Kgg. Panganiban Mayot | - Kagawad |

HINDI NAKA DALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Trinidad F. Andres | - Kagawad-bakasyon sa U.S. |
| Kgg. Elmo M. Baculinao | - Kagawad |

X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - X

KAPASIYAHAN BLG 23

NA HUMIHILING KAY GOBERNADOR I. ESPIRITU, CALAPAN, SILANGANG MINDORO NA DITO SA BULALACAO MAGSISIMULA ANG MGA MECHANIZE UNIT NG PAGSASAGAWA NG PROYEKTO PATUNGONG NORTE

SAPAGKAT, na pag-alaman ng Sangguniang Bayan na ang mga kagamitan sa pag-sasagawa ng mga proyekto ay magmisimula sa Norte patungong Bulalacao;

SAPAGKAT, ang mga kalsada sa Bulalacao maging Pambarangay, pambayan at Nasyonal ay sirang sira dahilan sa mga nag daang bagyo at kailangang maipagawa agad;

SAPAGKAT, ang mga kalsadang Pambarangay, pambayan at National sa bandang Norte ay halos mga ayos na;

SAPAGKAT, kung ang mga kagamitan sa pag-sasagawa ng mga proyekto ay magsisimula sa Norte patungong Bulalacao ay hindi na magagawa ang mga sirang kalsada dahilan abot na ito ng tag-ulan;

SAPAGKAT

DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan na hihilingin kay Kgg. Governador Benjamin I. Espirity, Calapan, Silangang Mindoro at Kinatawan Jesus Punzalan ng Segundo Distrito, Silangang Mindoro, na ang mga kagamitan (mechanize unit) sa pagsasagawa ng mga pryekto ay magsisimula sa Bulalacao patubgong Norte;

PINAGPASIYAHAN pa na ang Resolusyong ito ay ipadadala kay Gobernador Bejamin I. Espiritu, Calapan, Silangang Mindoro at Kgg. Jesus Punzalan, kinatawan ng Segundo Distrito, Silangang Mindoro para sa kanilang konsiderasyon at kaukulang hakbang;

SA MUNGKAHI ni Kagawad Rey T. Amparo, at pinangalawahan ni Kagawad Panganiban Mayot, ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng lahat;

Scanned with CamScanner

KGG. LUDOVICO C. SILANG
Taga pamahala ng Pag-
pupulong

KGG. REY T. AMPARO
Councilor

KGG. MIGUEL R. VILLAR JR.
Councilor

KGG. NENITO S. AMBONG
Councilor

KGG. LEODIGARIO GONZALES
Councilor

KGG. EMILIO T. GREGORIO
Councilor

KGG. MEYNARDO S. BAGO
Councilor

KGG. PANGANIBAN MAYOT
Councilor

EDUARDO A. BURUANGA
Municipal Secretary

APPROVED:

KGG. GUILLERMO H. SALAS
Punong Bayan

Scanned with CamScanner